

1

“I’m breaking up with you.”

Pinigilan ni Troy Castaneda ang mapabuntong-hininga. Itinaas niya ang tingin mula sa baso ng scotch papunta kay Sophia. She was looking intently at him, her big brown eyes searching his handsome face.

“I’m breaking up with you,” she said. Hindi niya kinagulat iyon. In a way, inasahan na niya iyon noong unang araw na nagkaroon sila ng relasyon. Heck, kahit nga noong oras pa lang na nagdesisyon siyang ligawan ito, doon pa lang, alam na niyang eventually, *inevitably*, sasabihin ni Sophia ang mga katagang iyon na nauna nang ginamit ng mga former girlfriends niya.

“Why?” He tried his best to sound hurt, or at the very least bothered. After all, ang makitang ni walang reaksyon ang taong nakarelasyon mo nang halos apat na taon matapos mong sabihin na nakikipagkalas ka na, surely, masakit iyon, di ba? Sa kasamaang palad, palpak si Troy sa pretending at acting department, hindi puwedeng magkamali si Sophia sa nakasulat sa mukha niya; he was unconcerned. She smiled, pero

hindi umabot sa mata nito.

“Do you really care why?” she asked, walang trace ng sarcasm sa boses.

“Yes, I do,” pagsisinungaling niya.

The smile on Sophia’s lips became strained; she shook her head then said, “No you don’t. Pero sige, sasabihin ko na rin. It’s not like I’ve got anything to lose.” Nilagok nito ang natitirang white wine sa baso saka sumenyas sa bartender na bigyan pa ito ng isa.

“My four-year relationship with you is like dancing with a robot,” anito. “A handsome robot, at least,” she joked. Nanatili lang siyang buong pusong nakikinig dito. “You were programmed to know the rhythm of the song, you know when to turn at the right time, you know the steps perfectly, but how should I put it?” Tiningnan siya nito sa mga mata. “You’re cold, Troy.”

He wanted to groan. “*You’re cold, Troy.*” The epic, the classic, the all-time favorite, “*You’re cold, Troy.*” Kung gagawan ng commercial ang mga past breakups niya iyon siguro ang tagline nito: “*You’re cold, Troy.*”

“I see,” sagot niya. Nang wala na siyang ibang sinabi, Sophia gripped the glass of wine then stood up.

“Well, that’s about it.” She shrugged. “See you around.” Ngunit hindi pa ito nakakalayo ng ilang hakbang nang humarap ito at mabilis na naglakad pabalik sa kanya.

“Did you...” She struggled to say the next words as if they were blocking her throat, “Did you ever even love me?” She said the words fast, as if abomination ang mga iyon.

“Kung sasabihin kung oo, hindi ka ba makikipagkalas?” Medyo weary ang boses niya.

“If I think you mean it.” Intense ang titig nito.

“I—”

“No, stop,” pigil nito sa susunod na salita niya. Iniwas ng babae ang tingin sa kanya. “It really doesn’t matter.” Tumalikod muli ang ex-girlfriend niya, pero gaya noong una, abruptly din itong humarap sa kanya then said, “Lahat ba ng ex mo, hindi mo pinigilan n’ong nakipag-break sa ’yo?”

Shoot, naiusal niya sa sarili. Kailangan ba talaga nilang gawin ito? “Yes, lahat sila hindi ko pinigilan,” he said patiently. If this is going to make Sophia more comfortable, then fine, he would endure this.

“Because you never really loved any of them—

well, at least not to the point that you'd do anything not to lose them." Statement iyon. "Alam mo, Troy, sa tingin ko you have a problem. You probably have someone you can't forget, someone you still love even until now... someone who probably hurt you that's why you can't seem to make your relationship work—"

"You know what, Sophia, I've had enough of this. You want to break up with me? Fine. I'm sorry for all my shortcomings. What else do you want me to say? Kailangan pa ba talaga nating gawin 'to?" he snapped. Ilang ulo rin ang lumingon sa kanila dahil sa bahagyang pagtaas ng boses niya.

"See? You got all worked up at the mere mention of this possible person." Kabaligtaran niya, Sophia's voice became calm. "Hindi ba ibig sabihin lang n'on totoo ang sinabi ko?"

Huminga nang malalim si Troy at iniwas ang tingin sa dalaga. His jaw clenched tight.

"Piece of advice, Troy, from a concerned friend: don't get into any relationship again until you settle whatever you have to settle with *that* person. Dahil kung sino man siya at kung ano man ang ginawa niya, it seemed like you haven't gotten over it yet. And until you settle things with her, sa palagay ko

lahat ng relationship mo magiging ganito ang ending. You know I'm right." With that, naglakad na ulit ito palayo, this time hindi na ito bumalik.

Marahang tapik sa balikat ni Troy ang nagpataas ng tingin niya mula sa pagkakatatig sa scotch. He looked up and saw Joey's sympathetic face. Ito ang best friend niya mula noong third year high school at currently business partner sa ink refilling company na tinayo nila.

"Let me guess, she broke up with you because you're: a) distant; b) you're cold; c) you're apathetic; d) all of the above since synonyms naman halos lahat iyon," bungad nito sabay upo sa tabi niya sa bar.

"Let me guess," banat niya rin. "You are: a) stalking me to piss me off; b) spying on me to irritate the hell out of me; c) following me to make fun of me; or d) all of the above dahil kahit ano pa ang sagot, isa lang ang end line—you're an asshole," he said flatly.

Malutong na tawa lang ang sagot ni Joey. Kung iyong ibang magkakaibigan may complicated at unique handshake para ipakita ang bond sa isa't isa sa tuwing nagkikita, sila ni Troy, insultohan at kanyawan ang paraan para ipakita ang familiarity.

“Nah, this is coincidence. Honest.” Itinaas pa nito ang isang kamay bilang sumpa. “Imi-meet ko ngayon rito ’yung real estate broker ko, kaya lang wala pa. Then, I saw you and Sophia.” Sumenyas ito sa bartender para humingi ng drinks. “Same as his,” anito sa bartender.

“Seryoso, Troy, what did she say?”

Despite himself, ikinuwento niya sa kaibigan ang sinabi ni Sophia. Alam niya kasing hindi siya tatantanan nito hangga’t hindi niya sinasagot. But he was rather careful not to talk about the last part of his conversation with his ex-girlfriend.

“Robot huh? Well I’m right, letter d nga.” Ngumisi ito pagkatapos ay kumunot-noo. “Pero may hindi ka pa sinasabi.” Troy felt himself stiffen. “Kanina bago umalis si Sophia, you looked upset—no, you looked pretty livid, Pare. Bihirang-bihira ’yun. Sa kinuwento mo wala namang bago sa sinabi ni Sophie; sinabi na ’yun ng ibang exes mo at hindi ka nag-react ng gan’on. You’re not telling me the whole story, what did she say?”

Minsan nakakainis din iyong may kaibigan na kayang-kayang basahin ang pagkatao mo. For a moment, Troy considered lying, pero kinansela rin iyon agad. Alam niyang mas malaki pa ang tsansa

niyang manalo sa lotto nang hindi tumataya kaysa maloko niya si Joey.

“Sinabi niya may unresolved matter daw ako sa kung sino sa past ko.” He tried to act nonchalant, pero siyempre hindi iyon kinagat ng kaharap.

“Ano? Ano’ng ibig niyang sabihin? Bakit di ko alam ’yan?”

“Because it’s not true,” he replied flatly.

“Hindi ka magre-react ng gan’on kung hindi ’yun totoo.” Hindi siya nakasagot. “Kailan nangyari ’yan? We’ve known each other since third year high school so ibig sabihin ba, nangyari ’yan before we met?”

Hindi siya umimik.

“So what about that unresolved matter?” kulit nito.

“It’s nothing.”

“Come on, Troy, sabihin mo na. Alam mo namang di rin kita titigilan so spare us the headache.”

Napapikit nang mariin si Troy out of frustration. “Sabi niya, baka may tao raw akong di makalimutan. Na baka may ginawa ’yung taong ’yun sa ’kin at hindi pa ’ko nakaka-move on kaya palpak lahat ng relasyon

ko. Sabi niya, ayusin ko raw muna 'yun bago ako pumasok ulit sa relasyon,” mabilis niyang paliwanag sa pag-asang hindi mai-pro-process nang maayos ng kaharap ang mga sinabi niya sa bilis ng pagsasalita niya.

Joey grinned like a kid who just found some junk treasure. “So is it true?”

“It’s not,” he snapped.

Joey’s grin widened. “It is true,” kompirma ng kaibigan.

He wanted to bury his face on the table. Siguradong mahabang usapan ito; common knowledge na past time ni Joey ang i-dissect ang mga failed love relationships niya.

“Tingnan mo, Troy, ilan na ba ang naging ex mo? Apat kasama na si Sophia.” Nakangisi pa rin ito, halatang nag-e-enjoy.

“Si Trixie, si Elena, si Genie—ang difference ng mga iyon ay parang Mozart’s *Moonlight Sonata* to JLo’s to Britney Spears to Puff Daddy’s music. They were so different from each other. Yet, iisa lang lagi ang ending ng mga relasyon mo, lahat sila nakipag-break sa 'yo, lahat halos iisa ang sinabi, lahat hindi mo hinabol. Doesn’t that ring a bell?”

“Humor me,” sarcastic niyang sagot.

Nagpatuloy ang kaibigan na parang hindi napansin ang tono niya, “Impossible naman na nagkataon lang na iisa ang problema ng exes mo. Surely, Troy, malamang sa malamang talaga may mali rin sa 'yo. Maybe Sophia is right. Maybe you really do have a problem; that you should settle whatever you have to settle with that person who made you this way, the person who made you somewhat cold and apathetic.”

“Fiction ang taong sinasabi mo, she doesn't exist,” singhal niya sa kaibigan.

Umiling si Joey, kasabay ng pagpalatak. “Denial, Pare, won't help; acknowledgement is the first step to solving any problem. Basic rule 'yan hindi lang sa psychology; kahit sa business alam natin 'yan. Come on, you should really think about it.” Businessman by profession ang best friend niya, pero psychologist by heart.

Mabilis na tumayo si Troy at binayaran ang bill niya saka mabilis na naglakad palayo sa kaibigan.

“Come on, Troy, you know we're right,” pahabol pa nito.

Napailing na lang si Joey habang pinapanood si Troy sa paglakad palayo.

“Si Troy Castaneda ba ’yun?”

Tiningnan niya ang kadarating lang na lalaki. Hindi siya nagsinungaling nang sabihin niya kay Troy na may appointment siya sa real estate broker. “You know him?” untag niya rito.

Umupo si Rudy, ang ka-appointment niya. “Yeah, naging classmate ko siya n’ong second year high school.” Um-order ito ng drinks. “Babasahin mo na ba ngayon ’yung Comparative Market Analysis at Full Residential Appraisal o iuuwi mo na lang?” tanong nito habang nilalabas na ang mga dokumento sa file case.

“Iuuwi ko na lang,” tugon niya. “So Atenista ka rin pala. Bakit di tayo nagkita? Magkaklase kami ni Troy since third year high, transfer ako galing *La Salle* n’on.”

Umiling si Rudy. “Naging magkaklase kami sa *Ramon Magsaysay*, transferee siya n’ong second year from *Ateneo*. Pero nag-transfer din siya pabalik n’ong third year high. Financial issues ’ata kaya siya napadpad sa public school n’on.”

Napatango si Joey. Naalala niyang naikuwento

nga sa kanya ni Troy noon na na-bankrupt ang tatay nito dahil sa stock market at temporary itong nag-aral sa public school for a year. Ngunit nakabawi rin agad ang ama nito kaya bumalik din sa dating buhay ang pamilya ng mga ito.

“Mukhang badtrip siya, ah.”

“Yeah. Nakipag-break ’yung girlfriend niya.”

Binigay ng bartender ang order ni Rudy.

“Oh?” Inabot nito ang mga dokumento sa kanya. “Bakit naman? Jackpot na nga siya kay Troy—guwapo, matalino, mayaman and unless nagkar’on siya ng one hundred personality change, sa pagkakaalala ko, mabait din, di ba?”

Nagkibit-balikat lang si Joey habang inaayos ang mga dokumento sa file case. “Ah, well, may issues lahat ng tao.”

Napakunot-noo si Rudy pagkatapos tumango na para bang may naalala habang naglalabas ito ng iba pang pamphlets at documents mula sa file case.

“Siguro nga. Kasi kahit ’yung classmate namin n’on iniwasan rin siya. Siguro nga may issues din talaga sa—”

“Tbig mong sabihin may naging girlfriend si

Troy n'ong second year kayo?" sungab ni Joey sa information na sinabi ng kasama.

Rudy frowned, medyo nagulat sa reaction niya. "Not exactly girlfriend. Hindi ako sigurado, more like M.U. siguro. They seemed to have been getting along just fine 'tapos bigla na lang hindi na sila nagpapansinan. Are you sure dito mo gustong pag-usapan ang property management? Maybe we should go to a restaurant. Medyo maingay—"

"It's okay, dito na lang," putol niya rito. Nang mga oras na iyon, mas interesado na siya sa kuwento nito tungkol sa matalik niyang kaibigan kaysa sa usapang lote. "About Troy, ano'ng ibig mong sabihin na bigla na lang hindi sila nagpansinan?"

Lalong napakunot-noo ang broker. "You do know you're paying me for my time, right? I'm here to do business after all." Natatawa ito.

Eager lang na tumango si Joey kaya nagkibit-balikat si Rudy.

"Well, si Troy noon at saka 'yung kaklase namin n'on na si Megan, parang M.U. sila. Perfect match sila. Si Troy—guwapo, mayaman, matalino, cool. Si Megan—maganda, great personality, matalino rin. 'Tapos bigla na lang hindi na sila nagpansinan."

“Paano? Cold shoulder treatment?” kulit ni Joey.

Umiling ang kasama. “Not exactly. Polite pa rin sila and all. Nag-uusap pa rin, pero obvious na wala na ’yung dating closeness nila. Lalo na si Megan.” Ilang segundo itong nag-isip bago nagpatuloy, “Now that I think about it, kung tutuusin parang si Meg ang talagang umiwas at nagbago noon. She seemed stiff kapag malapit si Troy, ang awkward nga ng atmosphere noon kapag nagkakalapit silang dalawa. ’Tapos, alam mo naman si Troy, ang transparent niya, di ba?” Tumango lang siya. ”Kitang-kita na nasaktan siya sa ginawa ni Megan.”

Joey stared at Rudy. Hindi niya ma-imagine ang hurt expression sa mukha ni Troy; he had never seen it before. Ang Troy na kilala niya mula third year high school isang composed, calm and cool guy.

“Ano, gusto mo na bang pag-usapan ang tungkol sa property management?” untag ni Rudy.

“Yeah, sige.” Pero sa likod ng isip niya, kung ano-ano nang possible scenarios ang umiikot tungkol sa bago niyang nalaman tungkol sa matalik na kaibigan at sa babaeng nagngangalang Megan.

2

“Good morning, Sir Troy.”

The smile that flashed on Jessica’s pretty face was bright and enthusiastic, parang mukha ng isang bata tuwing Pasko at siya si Santa Claus na may dalang sako ng regalo.

“Morning, Jessica,” balik niya sa pagbati nito as he smiled politely and pleasantly sa head ng telemarketing ng *Inkbest*, ang ink refilling company na itinayo nila ni Joey about five years ago noong twenty years old sila.

Nasa dulong kuwarto ang opisina niya kaya kailangan niyang dumaan sa table ng lahat ng employees bago makarating doon and as usual sa pagdaan niya, lahat ng mata ay awtomatikong natuon sa kanya as if magnet siya. Bukod doon, lahat ng mga ito, lalo na ang mga babae ay ngumiti sa kanya na para bang siya ang messiah na hinihintay nila.

He smiled and greeted them all warmly in return.

Hindi sekreto na halos lahat yata ng female employees sa *Inkbest* ay may crush sa kanya. Hindi lang iisang beses niyang narinig na pinag-uusapan

siya ng mga ito. Usually ang topic ay kung gaano siya kaguwapo, na ang ganda ng katawan niya, maganda ng kulay ng balat niya, ng chiseled features niya, dark brows, deep set eyes, pati na height niya. That was not very new to him. Girls have been crushing over him since college, kaya kahit papaano sanay na siya.

Isang bagay iyon na talaga namang ikinangingitngit ni Joey. Ang kaibigan niya kasi, kahit hindi naman pangit, ay hindi kasing-blessed niya pagdating sa physical department. His friend has always taken that as a grudge against him na tinatawanan lang niya.

Truth be told, hindi maintindihan ni Troy kung bakit ganoon na lang ang fixation ng ibang tao na maging good-looking. Nasasayangan siya sa effort, pera at oras na ginugugol ng iba para lang maging guwapo o maganda.

“Morning, Sir,” bati ni Olive, ang HRD head nila nang akmang papasok na siya sa loob ng office. “Ibibigay ko lang po sa inyo ’yung file n’ong bagong accountant natin. Mayamaya po pagdating niya, papapuntahin ko na lang po sa office n’yo.” She was smiling.

He nodded. “Okay, thanks.”

Pumasok na siya sa maliit niyang opisina hawak

ang folder na ibinigay ni Olive. Naging tradisyon na kasi nila sa *Inkbest* na papuntahin sa office niya para pormal na i-welcome ang lahat ng bagong employees sa unang araw nito sa trabaho.

Umupo siya sa swivel chair at binuksan ang folder. Nang mabasa ang pangalan ng bagong accountant ay natigilan siya. Namutla.

Sigurado siya, ganito ang pakiramdam kapag tinitigan ni Medusa ang isang tao at naging bato. Mga katok sa pinto ang bumasag sa sumpa. His eyes tore from the resumé and focus on the door.

“Sino ’yan?” His voice was apprehensive, very unlike him. Usually, hindi siya nagtatanong kapag may kumakatok sa office niya, pinapatuloy niya lang agad.

“Megan Mejia, Sir, ’yung bagong accountant.”

This time, exact opposite ng pag-freeze ang nangyari sa kanya nang marinig ang boses nito: bumilis ang heart beat at paghinga niya kasabay ng pagpapawis ng mga kamay.

“Pasok,” nagawa niyang sabihin.

The knob turned, the door opened and the woman in the resumé entered the room. Ang ngiting

naka-paste sa mukha ni Megan Mejia ay nanigas. Ganito ba ang epekto nila sa isa't isa? They froze like stones at the sight of each other.

“Hi. I didn’t know you were the owner of this company.” Mabilis na nag-relax ang katawan nito at naging genuine ulit ang ngiti sa labi na iisipin tuloy na malikmata lang ni Troy ang shock nakita sa mukha ng dalaga kanina.

“It’s such a....” Hindi nito napigilan ang mapatawa ng kaunti. “Akala ko cliché ang kasabihang small world, but I guess maliit nga talaga ang mundo.” Naglakad ito palapit sa table niya.

Hindi alam ni Troy kung anong klaseng ekspresyon ang nakapinta sa mukha niya nang mga oras na iyon. Pero sa palagay niya, hindi maganda dahil nawala ang ngiti sa mukha ni Megan.

“Take a seat, Miss Mejia.” Malamig ang boses na mula sa kanya. Umupo ito. “We’re very happy to have you as part of our family. We hope you’d enjoy your stay here with us. If you need anything regarding the files or if you have trouble with your work, you can go to Olive. She can help you with anything. If you don’t have any questions, you can go now,” he said the words mechanically and rudely, pero wala siyang pakialam. Nang mga oras na iyon, walang kakayahan

ang utak niya para mag-identify at mag-discriminate ng emotions. Sinunod lang niya ang sinisigaw ng basic survival instincts niya. Iyon ay ang: ‘Get her out, *now*.’

The genuine smile remained intact on her lips na para bang napakanormal lang ng naging conversation nila.

“I’m very happy to be a part of your family, too, Sir.” Tumayo ang dalaga. “Sige po, Sir.”

“You never liked numbers, why did you become an accountant?” Lumabas ang mga salita bago pa napigilan ni Troy ang sarili. His voice was still cold at para bang nang-aakusa. Hindi niya alam kung bakit niya tinanong iyon out of the blue. Basic instinct ba ulit? Freudian slip?

Huminto ito sa akmalang pagbukas ng pinto. Subalit, hindi ito lumingon kaya hindi niya nakita ang ekspresyon nito nang sumagot. “You’ve always loved music, why didn’t you become a musician?”

Then, she went out of the room.

Kung hahatiin sa dalawa ang buhay ni Troy, ito ay before and after second year high school. In other

words, before and after Megan.

Hindi man niya aminin, ang isang taon na iyon kasama ang babae ang bumago at humubog sa maraming mahahalagang desisyon sa mga sumunod na taon ng buhay niya. Isa sa mga importanteng bagay na iyon ay ang pagtugtog niya ng piano. Mula pagkabata, he had always loved music. There were even instances in his life when he seriously considered pursuing a music career. But she took that away from him—his passion for music, his dream, she took that away. Just like how she took away many other precious things from him.

Naalala niya ang eksaktong petsa at oras na huli siyang tumugtog ng piano. Naalala rin niya kung ano ang last piece na tinugtog niya. How could he not?

He played last on his fifteenth birthday rito sa mismong lugar na ito kung saan siya nakaupo sa living room ng bahay nila sa White Plains. Megan was beside him then, smiling at him, her eyes soft and her skin glowing golden from the dying ochre sunlight streaming inside the spacious room. He played for her; he composed that piece for her.

He gritted his teeth then roughly lifted the lid off the piano and started playing angrily. It was childish, ang parusahan ang inosenteng keys ng piano para sa

galit at frustration niya sa mga alaala.

He remembered how her smile felt like gentle summer rain, like a cool breeze in a summer night, like seeing sunrise for the first time. He remembered how in his awe of the moment, he bent down his head and kissed her softly, gently... here at this very place. He remembered how her soft firm lips molded perfectly against his as she kissed him back.

Naging mabilis at marahas ang pagtugtog niya ng piano na para bang gustong i-block out ang mga iniisip niya sa pamamagitan ng musika.

Pero lalong lang naging vivid at mabilis ang pagragasa ng mga alaala, parang truck na walang prenong marahas na bumangga sa kanya nang buong puwersa.

He remembered how a few days after that, he learned that it was actually possible to feel cold despite the blistering forty-degree temperature of March. Naalala niya, tinawag niya ang pangalan ng dalaga habang naglalakad siya sa corridor ng school, lumingon ito at nagtama ang mga mata nila, pero imbis na ngumiti gaya ng ginagawa nito kapag nakikita siya, nanatiling blangko ang ekspresyon ng mukha ni Megan na para bang hindi siya nakikita. Saka ito tumalikod at naglakad ulit.

He remembered how on that day and the days after that, she laughed, smiled and teased with her friends like she normally did, na para bang okay lang ang lahat... na para bang walang mali.

Naalala niya kung gaano kamiserable ang naging pakiramdam niya dahil doon.

His playing became angrier.

Naalala ni Troy na sa kabila ng halu-halong emosyon niya, hindi niya magawang lumapit dito at itanong ang simpleng dalawang kataga: *‘Ano’ng nangyari?’*

Naalala niyang hindi siya pinayagan ng fifteen-year-old pride niya. He remembered that he *wanted* her to come to him first.

At ngayon, as if isang mockery sa kanya, after ten years, Megan came walking inside his office that morning. Again, smiling at him like everything was all right.

“You probably have someone you can’t forget, someone you probably still love even until now, someone who probably hurt you that’s why you can’t seem to make your relationships work...”

“Someone who probably hurt you...”

Biglang umalingawngaw sa ulo niya ang mga sinabi ni Sophia.

“Settle whatever you have to settle with that person dahil kung sino man siya at ano man ang ginawa niya, it seemed like you haven’t gotten over it yet...”

“You haven’t gotten over it yet...”

“Not yet...”

He gritted his teeth. Siguro nga tama ang mga ito, siguro nga hindi pa rin siya nakaka-move on. Marahil nga dapat niyang harapin ang issue niya kay Megan. Tumigil siya sa pagtugtog, ang imahe ng dalaga as she smiled at him this morning came back.

Dapat na nga niyang i-confront ang mga feelings na iyon at ang *taong* nagdulot noon. This time however, sisiguruhin niyang iba na ang magiging ending, this time he would not be the one left standing behind lost, angry and confused like hell.

It was childish. Lahat ng rational cells sa katawan ni Troy ay ginigiit sa kanya na childish, petty, not to mention pathetic, ang plano niya. Seriously, ano ba siya, nasa kindergarten? Pero sa kabila ng pagpoprotesta ng well-developed part ng utak niya,

hindi pa rin niya napigilan ang sarili sa paglabas ng kotse nang makitang naglalakad si Megan papasok ng building para pumasok sa trabaho.

He felt his heart pounding fast and hard in his chest that it hurts. It was a cliché, alam niya, but that's really how he felt.

Huminga siya nang malalim habang parang mantra na paulit-ulit na sinasabi sa sarili na hindi na siya ang inexperienced fifteen-year-old boy na infatuated kay Megan.

Isa iyon sa mga itinuturing ni Troy na salarin kung bakit naging napaka-vulnerable niya sa dalaga. He was at an awkward and hormonal stage then at noong mga panahong iyon, a whole new specie sa kanya ang mga babae. Mula kinder, nasa all-boys school na siya, wala rin silang mga kasing-edad na babae sa mga kapitbahay nila. He was not prepared for Megan.

Habang naglalakad palapit dito, hinayaan niya ang sarili na pagmasdan ang dalaga nang mabuti. Megan grew up to become the sophisticated woman he always knew she would become. Very classy ito sa suot na black pencil-cut skirt at silk fuchsia blouse. Makinis at malambot pa rin ang balat nito. And her lips....

Mabilis niyang pinutol ang pupuntahan ng isip, sa halip ay itinuon niya ang atensyon sa hawak nitong dalawang cups ng kape.

Napakunot-noo si Troy. Para kanino iyong isa? Surely, hindi sa kung sinong lalaki, di ba? Lalaki? *Shit*. Gusto niyang tadyakan ang sarili. Saan nanggaling iyon?

Nang makarating ito sa guard, nakita niyang maganang binati ito ni Manong Guard na para bang sampung taon na itong nagtatrabaho sa kompanya imbis na kahapon lang. Nakita rin niyang ibinigay ni Megan ang isang cup ng kape sa guwardiya.

Hindi niya namalayan ang pagluwag ng hininga. Oo nga't lalaki si Manong, but it did not count.

Binilisan niya ang paglalakad para mahabol at makasabay ang babae sa elevator. Dahil maaga pa, walang masyadong tao sa lobby at sila lang dalawa ang nagkasabay sa lift.

Nanlaki ang mga mata nito nang makita siya.

Ano ba iyong ekspresyon na iyon? Panic? Fear? Dread? Ganoon ba siya ka-repulsive para sa babae? Naramdaman niyang nangalahati ang confidence at determination na binaon niya nang makita iyon.

“Hi,” nagawa niyang sabihin.

“Hi,” she said brightly kagaya rin kahapon. Hindi naiwasang isipin ni Troy na baka malikmata lang niya ang nakitang tension sa dalaga.

“Megan, listen. Kahapon, I was rude. Bad day lang talaga, pasensya na,” bungad niya agad habang nagsasara ang elevator. He smiled apologetically.

“It’s okay.” Nakangiti pa rin ito, pero pakiramdam ni Troy parang pilit iyon. What was it? His gaze lingered on her face.

“Kumusta ang first day?” he asked lightly. Nasa third floor na sila, pitong floors pa bago ang floor ng *Inkbest*.

“Okay lang, mababait silang lahat.”

“Mukhang close na kayo ni Manong Guard, ah,” komento niya.

“Si Manong Ed?” She chuckled a little na para bang may naalalang nakakatawa.

He felt himself stiffen a little. Mali ba siyang isipin na hindi rival threat ang guwardiyang iyon? What was with the smile? Ano ang amusing sa naalala nito? Bakit nickname basis agad ito sa guard ng building?

A thousand possible scenarios and what ifs swirled uncontrollably inside his head. Again, he wanted to kick himself.

“So kumusta na, Megan? We didn’t get to catch up yesterday dahil sa rudeness ko. How have you been?” pag-iba na niya sa paksa bago pa tuluyang malunod sa kumunoy ng mga ispekulasyon. Given the premise na binati siya ng babae na parang maayos ang lahat sa pagitan nila kahapon, napagpasyahan ni Troy na umarte rin ng ganoon, never mind na palpak siya sa pag-arte.

“I’m doing good but there’s nothing really interesting to tell.”

No boyfriend? gusto niya agad itanong, pero ayaw lumabas ng mga salita sa lalamunan niya. Ayaw niyang itanong ang mga bagay kung saan hindi niya sigurado kung kaya niyang harapin ang mga posibleng sagot nito.

“And what else?” tanong niya.

“What else what?” Nakangiti pa rin ito.

He looked at her for full five seconds. Nang mapagtantong ang isang sentence lang na iyon ang balak isagot ni Megan sa sampung taong kinukumusta niya, nanlaki ang mga mata niya.

F--ck! She's trying to brush me off! di-makapaniwalang nasabi niya sa isip. Wala itong balak magbigay ng disenteng sagot sa kanya. Naramdaman niya ang pagtaas ng presyon.

Of course, hindi naman siya humihingi ng ten-page single-spaced summary report ng mga ginawa nito these last ten years. But come on! Masyadong evasive ang sagot na iyon na it was downright rude!

Ito ang unang nagpanggap na okay sila, the least she could do was pretend all throughout and answer his questions properly, di ba?

“Yun lang ang sasabihin mo? ‘I’m doing good but there’s nothing really interesting to tell?’ Come on, I *deserve* better than that. *Magkaibigan* tayo, di ba?” Joke dapat iyon—iyong tipo na flirtatious teasing. Pero narinig niya ang sarcasm sa tono niya. He should really get an acting coach.

“Ano ka ba, siyempre naman magkaibigan tayo.” This time, obvious na ang strain at uneasiness sa mukha ng dalaga. Bumukas ang elevator sa floor nila.

“Jess!” tawag ni Megan sa head ng telemarketing na para bang ito ang kamay ng kaligtasan. Kasalukuyan itong naglalakad sa hallway, mabilis na naglakad palapit dito ang babaeng kausap niya kanina.

“Hey, Megan,” bati ni Jessica rito. “Uy, Girl! Bet ko ’yang skirt mo, s’an mo nabili ’yan?” Hinawakan pa nito ang tela ng palda ng bagong empleyada.

Tumawa si Megan, it was her usual chime-like laugh, but Troy could detect pure relief from it na tila ba gusto nitong mag-alay ng itlog kay Santa Clara para sa pagkakaligtas dito mula sa isang di-kanaisnais na presensya: obviously, siya iyon.

“*Guess*,” nakangiting sagot ng bagong accountant.

Namilog ang mga mata ni Jessica. “Sosyal!” Nagtaas ito ng tingin at nakita siya. “Sir! Good morning po!” Nandoon pa rin ang usual smile nito nang batiin siya.

“Good morning,” he answered gruffly, pero mukhang hindi naman iyon napansin ng telemarketer. Jessica was already busy hooking her arms with Megan, chatting and walking ahead of him.

“Rich ka ha, pa-*Guess-Guess* ka pa, magkano ’yan?” narinig niyang tanong nito sa kasama.

“Hindi ’to mahal, may mga mura rin d’on. Minsan sama ka, hanap tayo ng mura, pero maganda.” Excited ang boses ni Megan.

“Go! Sama natin sina Olive.”

“Sure, isama rin natin si Sandy.”

“Si Sandy?” Tila alanganin si Jessica nang banggitin ni Megan ang unsociable na officemate.

“Uh huh. Masaya ’yun; the more, the merrier.”

Nagkibit-balikat na lang ang telemarketer saka sumang-ayon. “Okay.”

Troy watched as the two chatted happily in front of him, completely oblivious of his presence.

Great. Just great.

Kahit saan niya tingnan, knockout siya sa round na ito.

Just great.